# HINDI ibig sabihin na sa lahat ng pagkakataon, maaaring magtrabaho sa Japan kapag nag-apply para sa pagkilala bilang refugee

Marso 2019

Kawanihan ng Imigrasyon, Kagawaran ng Katarungan

Ang paunawang ito ay sadyang para sa mga short-term visitor ("Pansamantalang Bisita") na magpapalit ng status sa pamamagitan ng pag-aapply para sa pagkilala bilang refugee habang nasa Japan. Ang pagkilala ng status bilang refugee ay sistema para sa mga refugee na dumating sa Japan upang takasan ang pagmamalupit sa bansang pinagmulan at humanap ng proteksyon, at hindi para sa mga nais magtrabaho sa Japan.

Hanggang ika-14 ng Enero 2018, karamihan sa mga nag-apply para sa pagkilala ng status bilang refugee ay pinahintulutang magtrabaho pagkatapos ng 6 buwan mula noong ipasa ang aplikasyon. Gayunpaman, binago ng Kawanihan ng Imigrasyon, Kagawaran ng Katarungan ang pamamaraang ito noong ika-15 ng Enero 2018, at ang mga aplikante na maliwanag na hindi tumutugma sa status bilang "refugee" na itinakda sa 1951 Refugee Convention ay HINDI pahihintulutang tumira o magtrabaho sa Japan kahit nasa kalagitnaan ng proseso ang aplikasyon. Ang ganitong aplikante ay mapapailalim sa proseso ng pag-alis (kabilang ang proseso ng deportasyon) sa oras na natapos ang panahon ng pananatili.